DepEd Advisory No. 194, s. 2017
August 18, 2017
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit *www.deped.gov.ph*.)

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA PAGPAPAHALAGANG PAMPANITIKAN GAMIT ANG IBA'T IBANG PANANDANG KULTURA AT GENRE SA PAGTUTURO NG ASIGNATURANG FILIPINO

Ang Albay Culture and the Arts Council (ACAC) ay magdaraos ng *Pambansang Seminar-Worksyap sa Pagpapahalagang Pampanitikan Gamit ang Iba't Ibang Panandang Kultura at Genre sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino* mula Agosto 26 hanggang 28, 2017 sa *Bicol University College of Science Training Hall,* Lungsod Legazpi.

Ang layunin ng Seminar-Worksyap ay ang mga sumusunod:

1. magamit ang ibat ibang panandang kultura at mga genre tulad ng monologo, balagtasan, tigsik, sabayang pagbigkas, at interpretatibong pagbasa sa larang;
2. mahiyakat ang mga dalubguro na makiisa sa layuning mapataas ang kamalayang pangwika; at
3. maganyak ang mga guro sa Filipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

Ang mga panrehiyon at pansangay na superbisor sa Filipino, mga tagapangulo o tagapag-ugnay ng asignaturang Filipino, at mga guro sa bawat paaralan mula elementarya hanggang kolehiyo ay inaanyayahang lumahok sa gawaing ito.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan kay:

Ramona Ines R. Bustamante-Rañeses LI.B. Ph.D.
Seminar Director
Albay Culture and the Arts Council
Office of the Governor
Province of Albay
Penaranda Park Basement, Legazpi City
Telepono: (052) 481-0560
Mobile: 0905-487-4847
Email: ramonainesraneses@yahoo.com